
DEP ED CENTRAL LIBRARY
MERALCO AVE. PASIG CITY

# Babae, Gumising Ka!




**NFE Accreditation and Equivalency Learning Material**

Philippines Nonformal Education Project
(ADB-Assisted)

Bureau of Nonformal Education
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS

# Babae, Gumising Ka!

**Karapatang-Ari 1998**
**KAWANIHAN NG EDUKASYONG NONFORMAL**
**Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports**

Ang modyul na ito ay pag-aari ng Kawanihan ng Edukasyong Nonformal, Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports. Ang alinmang bahagi nito ay hindi maaaring ilathala o kopyahin sa anumang paraan o anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot ang organisasyon o ahensiya ng pamahalaang naglathala.

**Inilathala sa Pilipinas ng:**

Kawanihan ng Edukasyong Nonformal
Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports
3/F Mabini Bldg., DECS Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines
Tel. No.: (02) 635 - 5189 Fax No.: (02) 635 - 5191

DECS CENTRAL LIBRARY
PASIG CITY

REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS**
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines

*Sama-Sama sa DECS*

***Tanggapan ng Kalihim***
***Office of the Secretary***

***Mahal kong Mag-aaral,***

Inihahandog namin ang *Nonformal Education Accreditation and Equivalency* (NFE A & E) *Learning Program*. Ito ay isang alternatibong paraan upang higit na mapabuti ang iyong kaalaman at kakayahan sa pagbasa, pagsulat at pagkukwenta. Sa pakikisali mo sa programang ito, matatamo mo ang isang katibayan sa antas ng elementarya at sekondarya.

Sa pamamagitan ng sistemang ito, sisikapin namin na maihandog sa iyo ang isang uri ng pag-aaral na hahawi sa mga balakid na naging dahilan upang ikaw ay mahinto sa pag-aaral. Magagampanan mo nang maluwag ang mga gawain sa pagkatuto, dahil sarili mo ang oras ng pag-aaral at abot-kamay mo na ang mga bagay na makatutulong sa iyo.

Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga modyul sa antas ng elementarya at sekondarya, malilinang ang iyong kakayahan at kaalaman sa limang lawak ng pag-aaral. Makatutulong ito upang magampanan mo ang iyong tungkulin bilang isang Pilipino sa isang makabagong lipunan. Inaasahan na sa masusi mong pag-aaral ng mga modyul at pagsusuri ng sariling kakayahan at kaalaman, mauunawaan mo ang mga pang-araw-araw na suliranin at makapagbibigay ka ng makabuluhang pasiya. Magkakaroon ka rin ng bagong kakayahan at kaalaman na magagamit mong puhunan tungo sa pagkakaroon ng mabuting gawain, wastong gawaing pangkalusugan, dagdag na kita, sigla sa pakikilahok sa mga gawaing pampamayanan at mabuting uri ng buhay para sa pamilya.

May pagsubok na ibibigay sa iyo. Sa pamamagitan nito, masusukat ang iyong kasanayan at kaalaman matapos mong pag-aralan ang mga modyul. Sakaling magtagumpay ka sa pagsubok, bibigyan ka ng katibayang pang-elementarya o pansekondarya. Makatutulong ito upang magkaroon ka ng magandang hanapbuhay at ng magandang pagkakataon para makapagpatuloy ng pag-aaral.

E-Mail Address:
OSEC@SKYINET.NET

**"Together Let Us Build This Nation Through Education"**

Tel. # 02-633-7228 or 7208
Fax # 02-632-0805

Sana'y makawilihan mo ang pag-aaral sa mga modyul na ito. Ang mga kasanayan at kaalaman dito ay makatutulong din sa iyo upang magkaroon ka ng disiplinang pansarili, makilala at maisagawa nang maayos ang iyong pananagutan upang matagumpay na makipamuhay sa isang lipunang patuloy na nagbabago. Sana'y maging isang Pilipino ka na marunong makibagay at gumanap ng tungkulin tungo sa pagsulong at pag-unlad ng pandaigdig na lipunan.

Makatulong sana sa iyo ang pagsisikap naming mapabuti ang uri ng iyong pamumuhay sa kinabukasan.

**ANDREW GONZALEZ, FSC**
*Kalihim*

## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Nakatuon ang modyul na ito sa mga katayuan at karapatan ng mga babae bilang bahagi o miyembro ng isang mundo, bansa at pamayanan. Inilalahad din nito ang mga karapatan ng kababaihan sa tahanan, paaralan at lugar na pinapasukan o pinagtatrabahuan.

Hinahangad ng modyul na mabigyan ka ng kamalayan at kaalaman upang magkaroon ka ng saloobing magalang at pagpapahalaga sa mga karapatan ng kababaihan.

Nahahati ang modyul sa apat na aralin. Ito ay ang mga sumusunod:

Aralin 1 - Ano ang Kalagayan ng Kababaihan?

Aralin 2 - Ang Sabi Nila...

Aralin 3 - Mga Maiikling Kuwento

Aralin 4 - Paano?

## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo?

Matapos pag-aralan ang modyul, makakaya mo nang:

- Masuri ang kalagayan ng kababaihan;
- Makapagbigay ng palagay sa mga kinagisnang sabi-sabi at gawi ukol sa mga babae at lalaki;
- Magkaroon ng saloobing maitaas ang katayuan ng mga babae sa tahanan;
- Matukoy at masuri ang mga paglabag sa mga karapatan ng babae; at
- Matukoy at maisagawa ang mga pagsasanggalang at pagtatanggol sa mga karapatan ng babae.



## Alam Mo Ba?

Bago mo simulan ang pag-aaral ng modyul, sagutin mo muna ang mga katanungan upang malaman kung ano na ang alam mo sa mga paksang tatalakayin dito.

Basahin ang bawat pangungusap. Lagyan ng tsek (✔) kung TAMA, at ekis (✖) kung MALI ang isinasaad.

_____ 1. Ang mga gawaing bahay ay responsibilidad lamang ng mga babae.

_____ 2. Kalahati ng mga tao sa mundo ay mga babae.

_____ 3. Ang mga pambubugbog ng lalaki sa asawang babae ay karapatan ng lalaki.

_____ 4. Higit na marami ang manggagawang lalaki kaysa sa manggagawang babae sa mundo.

_____ 5. Tulad ng mga lalaki may mga karapatan sa bahay, paaralan at pinapasukan ang mga babae.

_____ 6. Mas mababa pa rin ang katayuan ng mga babae kaysa sa mga lalaki.

_____ 7. May karapatan ang babae na magpasya kung kailan at kung ilan ang magiging anak.

_____ 8. Hindi lamang sa bahay maraming gawain ang babae, gayon din sa lugar ng trabaho.

_____ 9. May mga karapatan ang mga pinuno ng opisina o pagawaan na ibigay sa mga lalaki kaysa sa mga babae ang mga matataas na puwesto sa trabaho.

_____ 10. May karapatan ang magulang na bigyan muna ng pagkakataong makapag-aral ang anak na lalaki kaysa anak na babae.

_____ 11. Ang 1/2 at 2/3 ay mga halimbawa ng mga hatimbilang o praksiyon.

_____ 12. Ang % ay ginagamit na simbolo ng porsiyento o bahagdan.

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* na nasa pahina 30.

Kung tama ang lahat ng iyong kasagutan, magaling! Maaari mo pa ring basahin ang modyul upang maragdagan ang iyong kaalaman.

Kung may mali sa iyong mga sagot, huwag mabahala. Pag-aralan ang modyul upang maintindihan ang paksa nito. Ilipat sa susunod na pahina para sa unang aralin.

# Ano ang Kalagayan ng Kababaihan?

Sa araling ito ay tinatalakay ang katayuan o kalagayan ng mga babae sa mundo, sa bansa at maging sa inyong pamamahay at pamayanan. Naglalaman ito ng mga talaan ng impormasyon na iyong susuriin para malaman kung ang kalagayan ng kababaihan ay masasabing kasiya-siya o di pa kasiya-siya.

Matapos pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:

1. Masuri ang mga kalagayan ng kababaihan;
2. Magbigay ng kahulugan sa mga salitang di pamilyar; at
3. Makabasa at makasulat sa salita at simbolo ng mga pamilang hanggang milyon, hatimbilang at porsiyento



## Basahin Mo

**PATALASTAS**

Ang mga *babae* ang bumubuo sa kalahati ng populasyon ng mundo. Kapag sila ay inabuso, minaltrato, sinaktan, hiniya, winalang bahala at hindi pinahalagahan, parang niyurakan mo na ang mga ***karapatan ng kalahati ng sangkatauhan.***

Sa palagay mo ba ay nangyayari ang sinasabi sa patalastas? Malalaman mo sa mga susunod na aralin.



## Pag-isipan

Ano ang masasabi mo sa kalagayan ng mga babae sa mundo? Sa kalusugan nila? Sa bilang ng pumapasok sa trabaho at oras sa pagtatrabaho? Sa puwesto sa opisina o pagawaan? Sa ari-arian at pasaning dinadala?



**Ang Mga Babae sa Mundo**

- Dalawang katlo (2/3) ng mga manggagawa sa mundo ay binubuo ng mga babae.
- Ang mga babae ay nagtatrabaho ng 14-17 oras araw-araw.
- Sila ay nag-aari ng isang porsiyento lamang ng mga ari-arian sa daigdig.
- Higit na maraming babae ang dumaranas ng malnutrisyon at sakit dahil sa kahirapan.
- Ang mga babae ay nagdadala ng dalawang mabigat na pasanin sa buhay – sa bahay at sa lugar ng trabaho.

Ano naman ang masasabi mo sa kalagayan ng mga babae sa Pilipinas? Sagutin sa sarili. Ihambing ang iyong mga sagot sa talaan sa ibaba.

**Ang Mga Babae sa Pilipinas**

- Noong 1997, ang mga babae sa Pilipinas ay 36,595 milyon samantalang ang mga lalaki ay 36,932 milyon.
- Halos lahat ng babae ay nakapag-aral kahit kaunti. Pero sangkatlo (1/3) lamang sa kanila ang nakaabot sa *high school* o kolehiyo.
- Mas maraming mga lalaki sa bansa ang nakapasok sa trabaho. Sa mga babaing nakapasok, mabababang puwesto lamang ang ibinibigay sa kanila.

Ano ang nakikita mong kalagayan ng babae sa inyong bahay at pamayanan? Ganyan din ba? Mabuti ba o hindi ang katayuan ng mga babae sa mundo, sa bansa at sa iyong pamayanan?




## Gawin Mo

Sa iyong binasa ay ginamit ang mga salitang ito. Basahin.

| | | |
|---|---|---|
| Patalastas | Karapatan | Katayuan |
| Sangkatauhan | Inabuso | Niyurakan |

Tingnan ang kahulugan ng bawat salita.

Gawin ang palaisipan sa ibaba. Isulat sa mga pahalang na kahon ang salitang kasingkahulugan ng mga salita sa ilalim ng *Pahalang*. Isulat sa mga pababang kahon ang salitang kasingkahulugan ng mga nasa ilalim ng *Pababa*.




**Pahalang**

4. kapangyarihan
6. lahat ng tao sa mundo

**Pababa**

1. kalagayan
2. pasabi o pabalita
3. pinagmalabisan
5. nilabag o tinapakan

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* na nasa pahina 30.

## Alamin Mo

### *Mga Buong Pamilang*

Ayon sa pinag-aralan nating kalagayan ng kababaihan sa bansa, ilang milyon ang mga babae rito?

- Tama ka, kung nakuha mo ito:

| |
|---|
| *Tatlumpu't anim na milyon, limang raan at siyamnapu't limang libo* |

Basahin mo nga.

- Kaya mo bang isulat iyan sa simbolo?
  Subukin. ______________

- Heto ang tamang simbolo: 36,595,000

Nakuha mo ba? Kung hindi, iwasto ang isinulat. Saan inilalagay ang kuwit (,)?

- Tama ka. Bumilang ka sa kanan patungong kaliwa at lagyan ng kuwit tuwing ikatlong bilang.

Ilang milyon ang mga lalaki sa Pilipinas?

- Tama ka kung ang sagot mo ay ito:

| |
|---|
| *Tatlumpu't anim na milyon, siyam na raan at tatlumpu't dalawang libo* |

Basahin mo.

Subuking isulat sa simbolo. Tandaan kung saan lalagyan ng kuwit.

- Ihambing ang iyong sinulat dito: 36,932,000

Kung hindi nakuha, isulat nang tama. Basahin uli.

- Heto pa ang mga pamilang na milyon. Subuking isulat sa mga simbolo.

1. Isang daan at limampu't dalawang milyon

    [ ]

2. Animnapu't dalawang milyon, at tatlumpu't limang libo [ ]

3. Dalawandaa't limang milyon, tatlong daan at sampung libo [ ]

Kung ang sagot mo ay ganito, tama ka.

1. 152,000,000
2. 62,035,000
3. 205,310,000

## *Mga Hatimbilang*

Ayon sa aralin, ilang bahagi ng sangkatauhan ang mga babae?

Kung ang sagot mo ay kalahati, tama ka.

Subuking isulat sa simbolo ang kalahati. ________

Ganito ba ang isinulat mo? $\boxed{\frac{1}{2}}$ Tama ka.

Ilang bahagi ng mga babae sa Pilipinas ang nakaabot sa hayskul o kolehiyo?

Kung ang sagot mo ay *sangkatlo*, tama ka.

Isulat mo sa simbolo ang *sangkatlo.*

Kung $\boxed{\frac{1}{3}}$ ang sinulat mo, tama ka.

Ang mga pamilang na $\frac{1}{2}$ at $\frac{1}{3}$ ay tinatawag na *hatimbilang* o *fraction.*

Ang bahagi ng mga babae sa mundo na may trabaho ay *dalawang katlo.* Isulat ito sa simbolo.

Heto ang simbolo: $\boxed{\frac{2}{3}}$

Isulat ang hatimbilang sa salita:

$\frac{2}{5}$ $\frac{1}{4}$ $\frac{3}{6}$ $\frac{1}{10}$ $\frac{2}{4}$

Itulad ang mga sagot sa sumusunod: *dalawang kalima, sangkapat, tatlong kanim, sangkasampu, dalawang kapat.*

Kaya mo bang sagutin? Isulat sa patlang ang sagot.

1. Ang mga babae sa bahay nina Oscar ay 6. Ilan ang $\frac{1}{2}$ nito? ______________________________

2. Kung $\frac{1}{3}$ ng siyam na taong nagtatanim sa bukid ay babae, ilan sila? ___________________________

3. Kung $\frac{1}{4}$ ng 20 taong gumagawa sa pabrika ay babae, ilan sila? ________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 30.

## *Ang Porsiyento*

Ilang porsiyento lamang ng ari-arian sa buong mundo ang pag-aari ng babae? Naalala mo ba ang patalastas na nasa pahina 5?

Kung ang sagot mo ay *isang porsiyento*, tama ka. Ang isang porsiyento ay tinatawag ding *isang bahagdan*.

Maisusulat ito sa simbolong gaya nito: *Isang porsiyento – 1%.*

Anong pananda ang ginagamit para sa porsiyento o bahagdan?

Tama ka. ( %) Isulat mo: _____

## Sagutin Mo

A. Isulat sa simbolo:

1. dalawang porsiyento ______
2. labing-apat na porsiyento ______
3. animnapu't siyam na porsiyento ______
4. walumpu't limang porsiyento ______
5. apatnapu't limang porsiyento ______

B. Isulat sa salita:

1. 10% ____________________
2. 36% ____________________
3. 17% ____________________
4. 75% ____________________
5. 15% ____________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 30. Kung may mali, pag-aralan at pagsanayan pa ang pagsulat hanggang magawa nang wasto.



## Subukin ang Sarili

Lagyan ng tsek (✔) ang patlang kung tama ang pangungusap, at ekis (✖) kung mali.

_____ 1. Higit na marami ang manggagawang babae sa mundo.

_____ 2. Dalawang mabigat na pasanin ang dinadala ng mga babae sa mundo.

_____ 3. Sa loob ng isang araw, magkapareho ang haba ng oras ng pagtatrabaho ng mga lalaki at babae.

_____ 4. Mas maraming babae sa mundo ang nagkakasakit at dumaranas ng malnutrisyon.

_____ 5. Magkapantay ang katayuan ng mga babae at lalaki sa ating bansa.

_____ 6. Higit na maraming babae kaysa lalaki ang may trabaho sa Pilipinas.

_____ 7. Ang 2/5 ay binabasa ng dalawang katlo.

_____ 8. Tinatawag ding hatimbilang ang porsiyento.

Tingnan ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 31. Kung tamang lahat ang iyong mga sagot, magpatuloy ka sa Aralin 2.

Kung may mali, basahing muli ang kalagayan ng mga babae sa mundo at sa Pilipinas. Pagkatapos, tumuloy sa Aralin 2.

## ARALIN 2

# Ang Sabi Nila . . .

Sa araling ito ay inilalahad ang mga kinagisnang sabi-sabi o paniniwala tungkol sa tungkulin o responsibilidad ng mga ina at ama at sa katayuan ng kababaihan sa tahanan. Panahon na upang masuri at mabigyang-halaga ang mga ito. Dapat pa bang ipagpatuloy ang pagsunod sa mga sabi-sabing ito? O, dapat bang ihinto na ang mga kaugaliang sinusunod upang maiangat naman ang katayuan ng mga babae sa tahanan?

Matapos pag-aralan ang aralin na ito, makakaya mo nang:

1. makapagbigay ng palagay sa mga kinagisnang sabi-sabi at gawi ukol sa mga babae at lalaki; at
2. magkaroon ng saloobing maitaas ang katayuan ng mga babae sa tahanan.

Sa iyo bang pamamahay o pamayanan ay may mga sabi-sabi tungkol sa tungkulin o responsibilidad ng mga babae o lalaki?


Magbigay ng mga halimbawa. Itulad ang mga ito sa sumusunod na sabi-sabi.

May mga nagsasabing

"Ang paglalaba at paghuhugas ng pinggan ay trabaho ng babae."

"Ang lalaki ay naghahanapbuhay kaya dapat siyang pagsilbihan ng asawa."

"Okey lang na makipag-inuman at makipaghunta sa tindahan ang lalaki kahit maraming gawain sa bahay ang babae."



Heto pa ang sabi ng iba:




Mayroon ka pa bang maidaragdag na sabi-sabi o paniniwala tungkol sa tungkulin ng lalaki o babae? Isulat.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## *Magbigay ng Palagay*

Sang-ayon ka ba sa nabanggit na sinasabi ng mga tao? Isulat sa patlang ang iyong palagay. Ihambing sa mga paliwanag sa susunod na pahina. ______________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



## Basahin Mo

Ganito ba ang mga palagay mo?

1. Walang masama kung maghuhugas ng pinggan at maglalaba ang lalaki. Dapat lamang na tulungan niya ang asawa lalo na kapag maraming ginagawa.



2. Hindi makatwiran at makatao na ipaubaya sa babae ang lahat na trabaho sa bahay habang nakikipag-inuman lamang ang lalaki.


3. Hindi man kumikita ng pera ang babae, marami naman siyang ginagawa sa bahay. Kung ang mga ito ay pahahalagahan, daig pa niya ang naghahanapbuhay para sa pamilya.



4. Ang pagkamacho ay hindi masusukat sa pagkakaroon ng maraming anak na lalong nagpapabigat sa pasanin ng babae. Naipakikita ito sa pagtupad ng mga tungkulin bilang isang mabuting asawa at ama.

5. Dapat lamang na kunsultahin ng ama ang ina at mga anak sa paggawa ng mga desisyong makaaapekto sa pamilya,

6. Karapatan ng mga anak, lalaki man o babae, na mabigyan ng pagkakataong makapag-aral.



## Alamin Mo

Sinasabing maraming gawain at halos walang pahinga ang isang babae, lalo na ang ina sa bahay. Totoo ba ito?

Tingnan mo nga ang mga halimbawang gawain ng isang ina at isang ama sa loob ng isang araw sa tsart na nasa susunod na pahina.

Bago ito, pagbalik-aralan mo muna ang pagbasa ng oras. Paano mo babasahin ang mga oras na ito? Isulat ang sagot sa patlang.

1. 5:00 n.u.________
2. 8:15 n.u.________
3. 12:00 n.t. ________
4. 2:45 n.h. ________
5. 10:05 n.u. ________
6. 6:30 n.h. ________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 31. Nakuha mo ba?



# Basahin at Suriin

Ngayon, basahin na ang tsart.

| Mga Halimbawang Gawain ng Ina sa Umaga | |
|---|---|
| **Gawain** | **Oras** |
| • Magluluto ng almusal habang inihahanda ang mga anak sa pagpasok | 5:00-6:00 n.u. |
| • Kakain ng almusal at ihahanda ang baon ng mga anak | 6:00-7:00 n.u. |
| • Maghuhugas ng maruming pinggan at kasangkapan | 7:00-7:20 n.u. |
| • Magpapakain ng mga alagang hayop | 7:20-7:30 n.u. |
| • Maglalaba ng damit | 7:30-9:30 n.u. |
| • Maglilinis ng bahay | 9:30-10:00 n.u. |
| • Magpapaligo ng mga maliliit na anak | 10:00-10:30 n.u. |
| • Magluluto ng tanghalian | 10:30-11:20 n.u. |
| • Maghahain ng tanghalian | 12:00-12:05 n.t. |
| • Kakain | 12:05-1:00 n.h. |
| • Mag-uurong ng pinagkainan | 1:00-1:30 n.h. |
| • Magpapatulog ng mga maliliit na anak | 2:00-2:20 n.h. |
| • Mamamalantsa | 2:30-5:00 n.h. |
| • Magluluto | 5:00-6:00 n.h.. |
| • Maghahain at kakain | 7:00-8:00 n.g. |
| • Magliligpit | 8:00-8:20 n.g. |
| • Maghahanda ng damit pamasok ng mga anak | 8:30-9:00 n.g. |
| • Magbabantay sa pag-aaral ng mga anak | 9:00-10:00 n.g. |
| • Matutulog | 10:00 n.g. |

| Mga Halimbawang Gawain ng Ama sa Umaga | |
|---|---|
| **Gawain** | **Oras** |
| • Kakain ng almusal | 6:00-6:20 n.u. |
| • Maliligo | 6:20-6:30 n.u. |
| • Magbibihis para sa pagpasok/pag-punta sa trabaho | 6:50-7:00 n.u. |
| • Pupunta sa trabaho | 7:00-7:30 n.u. |
| • Magtatrabaho | 8:00-12:00 n.t. |
| • Magpapahinga | 12:00-1:00 n.h. |
| • Uuwi sa bahay | 5:00-5:30 n.h. |
| • Magpapahinga | 5:30-7:00 n.g. |
| • Kakain ng hapunan | 7:00-7:30 n.g. |
| • Magbabasa o makikinig ng radyo | 7:30-9:00 n.g. |
| • Matutulog | 9:30 n.g. |

## Sagutin Mo

1. Kanino ang nakasulat sa gawing kaliwa ng tsart? Sa kanan? ____________________

2. Anu-ano ang mga gawain ng ina sa maghapon?

____________________

____________________

3. Anu-ano naman ang mga gawain ng ama sa maghapon?

____________________

____________________

4. Sino ang mas maraming gawain? ____________________

5. Sa anong oras gumigising ang ina? Ang ama? __________

____________________

6. Sino ang halos walang pahinga? ____________________

7. Sino ang huling natutulog sa gabi? ____________________

8. Dapat bang pahalagahan ang mga gawain ng ina kahit nasa bahay lang siya? Bakit? ____________________

____________________

____________________

9. Sa inyong bahay, paghambingin ang mga gawain ng iyong ama at ina mula paggising hanggang matulog. Ano ang iyong masasabi? ____________________

____________________

____________________

Ihambing ang iyong mga sagot na nasa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 31.



## Subukin ang Sarili

Suriin at isulat sa patlang ang **Tama** o **Mali**.

_____ 1. Gawaing babae ang paghuhugas ng pinggan at paglalaba.

_____ 2. Tulungan ang asawang babae kung maraming ginagawa sa halip na magpahinga o makibarkada.

_____ 3. Huwag nang iasa pa sa babae ang paghahanda ng pampaligo at damit pampasok sa umaga.

_____ 4. Ang pagkakaroon ng maraming anak ay tanda ng pagkamacho.

_____ 5. Ang desisyon o pasiya ng ama sa tahanan ay hindi nababali.

_____ 6. Ang mga anak na babae ay hindi kailangang pagpatuluyin pa sa pag-aaral.

_____ 7. Parehong tungkulin ng mag-asawa ang pag-aalaga ng mga anak.

Ihambing ang mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 32. Kung 5-7 ang tamang sagot, tumuloy sa Aralin 3. Kung mababa sa 5, pag-aralang muli ang Aralin 2.

# ARALIN 3

# Mga Maiikling Kuwento

Ipinakikita sa araling ito ang mga pagmamalabis at pang-aabusong ginagawa sa mga babae sa tahanan, paaralan at lugar na pinapasukan. Ang mga pagmamalabis na ito ay paglabag sa mga karapatan ng babae.

Matapos pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:

1. masuri ang mga paglabag sa mga karapatan ng babae; at
2. matukoy ang mga nilalabag na karapatan ng babae.

Maraming nangyayaring abuso o pagmamalabis sa mga babae. May alam ka ba? Ikwento sa isang kaibigan o kasama sa bahay.

Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Magbigay ng palagay sa bawat isa.

**Sitwasyon 1**

Anim ang anak nina Mang Kardo at Aling Celing.

"Cardo, kunin mo naman si Danny. Masusunog na itong niluluto ko."

"Ay, naku, Celing. Hindi ko trabaho ang mag-alaga ng bata. Ang trabaho ko ay maghanapbuhay."



Sang-ayon ka ba sa ipinakita sa unang sitwasyon? Anong karapatan ng babae ang nilabag dito? Sagutin sa sarili. Pagkatapos, ihambing ang sagot sa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 32.



**Sitwasyon 2**

Pak! Pak! Pak!

Sunud-sunod na suntok at tadyak ang inabot ni Aling Merced mula sa asawang si Mang Efren.

"Iyan ang napala mo! Kararating ko pa lamang ng bahay ay daldal ka nang daldal," sabi ni Mang Efren. "Siguro ay magtatanda ka na."

Napaiyak na lamang si Aling Merced.

Sang-ayon ka ba sa ginawa ni Mang Efren? Bakit? Sagutin sa sarili o sabihin sa iba ang niloloob. Ihambing ang sagot sa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 32.

Pagkatapos, basahin ang sumusunod para maihambing ang sariling palagay.


**Sitwasyon 3**

"Basta, hindi ka na mag-aaral sa hayskul," sabi ng ama kay Loida.

"Dito ka na lamang sa bahay. Tulungan mo akong mag-alaga ng maliliit mong kapatid," sabi ng ina.

"Bakit po si Kuya? Pinag-aral ninyo sa hayskul?"

"Lalaki iyon! Tama na ang elementarya sa iyo," sagot ng ama.



DECS CENTRAL LIBRARY
PASIG CITY

May katwiran ba si Loida? Ang ama at ina? Ano ang masasabi mo rito? Sabihin sa sarili o sa iba ang sagot.

Ihambing ang palagay mo sa nasa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 32.

**Sitwasyon 4**

Nang lumabas si Elisa sa kwarto ng Manager ay namumula siya sa galit.

"Bakit? Ano ang nangyari?" tanong ni Nelia sa kaibigan.

"Naku, ang lakas ng loob! Sumama lang daw ako sa kanya ay itataas niya ang puwesto at suweldo ko."

"Aba! Pagsasamantala iyan!"




Kung ikaw si Elisa, magagalit ka rin ba? Kung ikaw ang Manedyer, tama bang gawin ang ginawa mo? Sagutin sa sarili.

Ihambing ang sagot mo sa *Susi sa Pagwawasto* na nasa pahina 32.

Mayroon pang iba . . .

Bukod sa napag-aralan mong mga karapatan ng babae, mayroon pa kayang iba? Magtanong sa matatanda o kasama sa bahay, sa kaibigan, sa lider ng barangay, o sa isang guro. Isulat sa papel ang mga ibinigay nilang karapatan ng babae.

Ihambing mo sa talaan sa ibaba ang mga napag-alaman mong karapatan ng babae.

1. Karapatang makapag-ari ng ari-arian
2. Karapatang pumasok sa isang kontrata

3. Karapatang pumasok sa kontrata nang walang pahintulot ang asawa

4. Karapatang makapangutang

5. Karapatang maging malaya sa di-makataong pagtrato at parusa

6. Karapatan laban sa pang-aabusong seksuwal ng isang nakatataas sa tungkulin

7. Karapatang makapagpasiya ng bilang ng anak at kung kailan mag-kakaanak

8. Karapatang tumanggap ng sweldong kapantay ng tinatanggap ng lalaki sa ganoon ding trabaho

9. Karapatang makapasok sa trabahong dati'y para lamang sa lalaki

10. Karapatan sa pantay na suweldo ng babae at lalaki para sa pantay na trabaho

11. Karapatang makapasok sa paaralang pampulis at pangmilitar, gaya ng Philippine Military Academy

12. Karapatang makakuha ng pasaporte at bisa kahit walang pahintulot ang asawa

Dapat bang igalang ang mga karapatan ng babae?



## Subukin ang Sarili

Ipagpatuloy mo ang di tapos na pangungusap sa ibaba para malaman kung ano ang iyong natutuhan sa Aralin 3.

Nalaman ko sa aralin na...

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________
5. ______________________________________________

Binabati kita kung nakuha mo ang alin man sa mga sagot na nasa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 33.



## Gawin Mo

Ibahagi mo sa mga kasama sa bahay o sa mga kaibigan ang mga natutuhan mo ukol sa mga karapatan ng babae.

# ARALIN 4


# Paano?

Ang araling ito ay tungkol sa mga paraan ng pagtatanggol sa mga karapatan ng babae. Hindi lamang mga babae ang may tungkulin nito pati na ang mga lalaki. Ito ay naglalayong mabigyan ng nararapat na paggalang at pagpapahalaga ang mga babae tulad ng mga lalaki.

Matapos ang pag-aaral sa araling ito, makakaya mo nang:

1. matukoy ang mga paraan sa pagsasanggalang at pagtataguyod sa mga karapatan ng babae; at

2. maisagawa ang pagtatanggol sa karapatan ng babae kung kailangan.



## Alamin

Alam mo na ngayon ang mga karapatan ng kababaihan. Paano mo ipagtatanggol ang mga ito?

Mag-isip ng mga paraan. Magtanong ka sa matatanda, sa kapitan ng barangay, sa mga kasama o kaibigan, sa isang guro. Isulat mo ang mga nakuhang paraan.

Alin sa mga ito ang nakuha mong paraan? Ihambing.

1. Hikayatin ang mga babae na makinig sa mga seminar tungkol sa kanilang karapatan.
2. Magbasa ng mga babasahin tungkol sa karapatan ng mga babae lalo na kung babae ka.
3. Ipaliwanag sa mga lalaki ang mga karapatan ng babae.

4. Magbigay ng mga babasahin ukol sa karapatan ng kababaihan sa mga taong lumalabag nito para sila mamulat.
5. Alamin ang mga samahang nagtatanggol sa karapatan ng babae, tulad ng GABRIELA, ABANSE PINAY, LIKHAIN at iba pa. Ireport sa ahensiyang nagtatanggol sa karapatan ng babae ang ano mang paglabag dito.
6. Dalhin sa DSWD ang batang babaing pinagsasamantalahan para mabigyan ng proteksiyon.
7. Tumawag ng pulis kapag may inaabusong babae.
8. Tawagan sa telepono bilang 163 ang Bantay Bata kapag may inaabusong batang babae.

## Awitin Mo

**Maging Babai'y Di Biro**
*(Sa himig ng Magtanim ay Di Biro)*

Maging babai'y di biro
Gawain kayraming totoo
Meron na sa tahanan
Meron pa rin sa pinapasukan.

Babae, bale-bale
Kumakayod hanggang gabi
Sa paggawa'y walang humpay
Babae'y mahaling tunay.

(Koro)
Halina, halina, mga anak, ama
Babai'y igalang, siya'y mahalaga
Iwasang yurakan o kaya'y saktan
Karapatan niya'y ipaglaban.



## Subukin ang Sarili

Anong mensahe ang nakuha mo sa awit?

Kung ang sagot mo ay katulad ng nakasulat sa *Susi sa Pagwawasto*, tama ka.



## Tandaan

- Panahon na para gumising ang kababaihan sa mga karapatan nila.
- Kailangang gamitin at ipaglaban ang mga karapatan ng kababaihan.



## Gawin Mo

Gumawa ka ng patalastas tungkol sa mga karapatan ng kababaihan. Ipaskil mo ito sa Barangay Hall o sa NFE Learning Center.



## Alam Mo Na Ba?

Basahin ang bawat pangungusap. Lagyan ng tsek (✔) ang patlang kung tama, at ekis (✖) kung mali.

_____ 1. Halos magkasindami ang mga lalaki at babae sa mundo.

_____ 2. Mas marami sa mga lalaki ang may trabaho kaysa mga babae sa mundo o bansa man.

_____ 3. Mabigat ang pasanin ng babae dahil sa mga gawain niya sa bahay at sa trabaho.

_____ 4. Sa bahay, trabaho at paaralan, pantay sa karapatan ang mga lalaki at babae.

_____ 5. Mas maganda ang katayuan ng mga lalaki sa bahay, paaralan o pinapasukan kaysa mga babae.

_____ 6. Ang halimbawa ng paglabag sa karapatan ng babae laban sa abusong pisikal ay ang pagtanggi ng lalaki sa pagtulong sa gawaing bahay.

_____ 7. Ang pahintuin sa pag-aaral ang anak na babae dahil kailangan ito sa bahay ay paglabag sa karapatan ng babae.

_____ 8. Ang mga babae ay may karapatan ding mabigyan ng mataas na puwesto sa opisina o pagawaan kung may kakayahan sila.

_____ 9. May karapatan ang paaralan na huwag tanggapin ang pagpapalista ng isang babae sa kursong gaya ng inhinyera, agrikultura at pagpipiloto dahil ito ay itinuturing na mga kursong panlalaki.

_____ 10. Ang babae ay may layang magpasya na planuhin ang pamilya.

_____ 11. Ang limang porsiyento kung isusulat sa simbolo ay ganito: .5

_____ 12. Hatimbilang ang tawag sa ¼.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 33. Lahat ba ay nakuha mo?

Kung ang nakuha mo ay:

0-3 Kailangang ulitin mo ang pag-aaral ng buong modyul.

4-7 Balik-aralan mo ang parte ng modyul na hindi mo naintindihan.

8-12 Magaling! Balikan mo na lang ang hindi mo pa nakuha ng tama.

# Susi sa Pagwawasto

## A. Alam Mo Ba *(pahina 2)*

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. ✖ | 4. ✔ | 7. ✔ | 10. ✖ |
| 2. ✔ | 5. ✔ | 8. ✔ | 11. ✔ |
| 3. ✖ | 6. ✔ | 9. ✖ | 12. ✔ |

## B. Aralin 1

*Gawin Mo (pahina 6)*

| **Pahalang** | **Pababa** |
|---|---|
| 4. karapatan | 1. katayuan |
| 6. sangkatauhan | 2. patalastas |
| | 3. inabuso |
| | 5. niyurakan |

*Alamin Mo (pahina 8)*

1. 3
2. 3
3. 5

*Sagutin Mo (pahina 11)*

A.
1. 2%
2. 14%
3. 69%
4. 85%
5. 45%

B.
1. sampung porsiyento
2. tatlumpu't anim na porsiyento
3. labimpitong porsiyento
4. pitumpu't limang porsiyento
5. labinlimang porsiyento

*Subukin ang Sarili (pahina 12)*

| | |
|---|---|
| 1. ✔ | 5. ✖ |
| 2. ✔ | 6. ✖ |
| 3. ✖ | 7. ✖ |
| 4. ✔ | 8. ✖ |

## C. Aralin 2

*Alamin Mo (pahina 16)*

1. Ikalima ng umaga
2. Ikawalo at labinlima ng umaga
3. Ikalabindalawa ng tanghali
4. Ikalawa at apatnapu't lima ng hapon
5. Ikasampu at lima ng umaga
6. Ikaanim at kalahati ng hapon

*Sagutin Mo (pahina 18)*

1. Mga gawain ng ina; mga gawain ng ama

2. Pagluluto, pagliligpit, paglalaba, paglilinis, pagpapakain ng hayop, pagpapaligo, paghahanda ng baon, pamamalantsa, pagtuturo sa anak, atb.

3. Pagkain, paliligo, pagbibihis, pagpasok sa gawain, at iba pa.

4. Ang ina

5. Ang ina – 5:00; ang ama – 6:00

6. Ang ina

7. Ang ina

8. Oo, dapat pasalamatan at pahalagahan. Dahil sa pagtupad niya sa mga gawain sa bahay nagiging maayos at maginhawa ang takbo ng buhay sa pamilya. Malaki rin ang natitipid ng pamilya dahil hindi na ibinabayad pa o binibili ang maraming kailangan ng mga miyembro.

*Subukin ang Sarili (pahina 19)*

1. Mali
2. Tama
3. Tama
4. Mali
5. Mali
6. Mali
7. Tama

## D. Aralin 3

*Mga Maikling Kuwento (pahina 20)*

Sitwasyon 1. Ang pag-aalaga ng mga anak ay magkatuwang na tungkulin ng ama at ina. Ang hindi pagtulong ng ama sa ina sa mga gawain sa bahay ay paglabag sa karapatan laban sa kalusugan ng babae at pang-aabuso.

Sitwasyon 2. Ang asawa ay dapat mahalin at pahalagahan. Pag-usapan kung may hindi gustong ugali. Ang pambubugbog ay labag sa karapatan ng babae laban sa pisikal na abuso.

Sitwasyon 3. Ang anak na lalaki at babae ay parehong may karapatang makapag-aral. Hindi makatwiran na ang anak na babae ay pahintuin sa pag-aaral at katulungin sa bahay dahil sa siya ay babae lamang.

Sitwasyon 4. May katuwirang magalit si Elisa. Hindi dapat ipagpalit ang kapurihan sa mataas na suweldo o puwesto. Ang pinuno ng isang opisina o pagawaan ay walang karapatang gamitin ang tungkulin para pagmalabisan ang isang babaing nasasakupan. Nilabag ng Manager ang karapatan ni Elisa laban sa seksuwal na abuso.

*Subukin ang Sarili (pahina 24)*

Alin man sa mga ito:

1. May mga karapatan ang mga babae sa bahay, paaralan at tahanan.
2. Maraming nangyayaring paglabag sa karapatan ng mga babae.
3. Igalang ang karapatan ng babae.

4-5. Ang alinman sa mga karapatang inilahad sa sinundang pahina.

*Subukin ang Sarili (pahina 27)*

Ang mga babae ay maraming ginagawa para sa pamilya at para sa iba. Sila ay mahalaga kaya ipagtanggol ang mga karapatan nila.

## E. Alam Mo Na Ba? *(pahina 28)*

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. ✔ | 4. ✔ | 7. ✔ | 10. ✔ |
| 2. ✔ | 5. ✔ | 8. ✔ | 11. ✖ |
| 3. ✔ | 6. ✖ | 9. ✖ | 12. ✔ |